

PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA

Bakuna sa MMR (Tigdas, Biki, at Rubella): Ano Ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. www.immunize.org/vis
Maraming mga Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa ibang mga wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis

1 Bakit kailangang magpabakuna?

Ang **tigdas, biki, at rubella** ay mga sakit na viral na maaaring magkaroon ng malulubhang kahihinatnan. Bago ang mga bakuna, ang mga sakit na ito ay napaka-karaniwan sa Estados Unidos, lalo na sa mga bata. Karaniwan pa rin ang mga ito sa maraming bahagi ng mundo.

Tigdas

- Ang virus ng tigdas ay nagdudulot ng mga sintomas na maaaring kabilangan ng lagnat, ubo, sipon, at namumula, naluluhang mga mata, na karaniwang sundan ng pantal sa buong katawan.
- Ang tigdas ay maaaring magdulot ng impeksyon sa tainga, pagtatae, at impeksyon sa baga (pneumonia). Bihira na magdulot ang tigdas ng pagkasira ng utak o pagkamatay.

Biki

- Ang virus ng biki ay nagdudulot ng lagnat, sakit ng ulo, sakit sa kalamnan, pagkapagod, pagkawala ng ganang kumain, at pamamaga at malambot na salivary glands sa ilalim ng tainga sa isa o sa magkabilaan.
- Ang biki ay maaaring magdulot ng pagkabingi, pamamaga ng utak at/o takip ng gulugod (encephalitis o meningitis), masakit na pamamaga ng testicles o obaryo, at, bibihira, kamatayan.

Rubella (kilala rin bilang **German Measles**)

- Ang virus na rubella ay nagdudulot ng lagnat, masakit na lalamunan, pantal, sakit sa ulo, at pagka-irita ng mata.
- Ang rubella ay maaaring magdulot ng arthritis sa hanggang kalahati ng kabataan at mga babaeng nasa hustong gulang.
- Kung magkakaroon ng rubella ang isang babae habang siya ay buntis, maaari siyang makunan o ang anak niya ay isisilang na may mga malulubhang depekto.

Ang mga sakit na ito ay mabilis maikalat sa isang tao mula sa iba. Ang tigdas ay di nga kailangan ang direktang personal na paghawak. Maaari kang magkaroon ng tigdas sa pamamagitan ng pagpasok sa kwartong nilisan ng taong may tigdas nang hanggang 2 oras ang nakalipas.

Ang mga bakuna at ang mataas na antas ng pagbabakuna ang gumawa sa mga sakit na ito na labis na hindi karaniwan sa Estados Unidos.

2 Bakuna sa MMR

Ang mga bata ay dapat makatanggap ng 2 dosis ng MMR na bakuna, karaniwang:

- Unang dosis: 12 hanggang 15 buwan ang gulang
- Ikalawang dosis: 4 hanggang 6 na taong gulang

Ang mga sanggol na maglalakbay sa labas ng Estados Unidos kapag nasa pagitan sila ng 6 at 11 buwang gulang ay dapat magpabakuna ng MMR bago maglakbay. Makapagbibigay ito ng pansamantalang proteksyon mula sa impeksyon ng tigdas, ngunit hindi makapagbibigay ng permanenteng kaligtasan. Ang bata ay dapat pa ring makatanggap ng 2 dosis sa inirekomendang gulang para sa pangmatagalang proteksyon.

MMR VIS – Tagalog (2/12/18)

Ang mga matatanda ay maaaring kailangan rin ang bakunang MMR. Maraming nasa hustong gulang na edad 18 at mas mataas ang madaling kapitan ng tigdas, biki, at rubella nang di nila nalalaman.

Ang ikatlong dosis ng MMR ay maaaring irekomenda sa ilang sitwasyon ng paglaganap ng biki.

Walang nalalamang peligro sa pagkakaroon ng bakunang MMR na kasabay ng ibang mga bakuna.

May kumbinasyong bakuna na tinatawag na **MMRV** na nagtataglay ng parehong bakuna sa bulutong at MMR. Ang MMRV ay isang opsyon para sa ilang mga bata na 12 buwang gulang hanggang 12 taong gulang. May hiwalay na Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna para sa MMRV. Ang iyong tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan ay makakapagbigay sa iyo ng higit pang impormasyon.

3 May ilang tao na hindi dapat tumanggap ng bakunang ito

Sabihin sa tagabigay mo ng bakuna kung ang taong babakunahan ay:

- Mayroong anumang malalang allergy na mapanganib sa buhay.** Nagkaroon na ng mapanganib sa buhay na reaksiyon sa allergy matapos ang dosis ng bakuna sa MMR, o may malalang allergy sa anumang sangkap ng bakunang ito, maaaring payuhan ito na huwag magpabakuna. Tanungin ang tagabigay mo ng pangangalagang pangkalusugan kung gusto mo ng impormasyon tungkol sa mga bahagi ng bakuna.
- Kung ito ay buntis, o sa palagay niya ay buntis.** Ang mga buntis ay dapat na maghintay hanggang sa hindi na sila buntis bago magpabakuna ng MMR. Dapat iwasan ng mga babae ang mabuntis nang hindi bababa sa 1 buwan pagkatapos ng bakunang MMR.
- Kung may huminang resistansya** dulot ng sakit (tulad ng kanser o HIV/AIDS) o medikal na paggamot (tulad ng radiation, immunotherapy, steroids, o chemotherapy).
- May magulang o kapatid na may kasaysayan ng mga problema sa immune system.**
- Nagkaroon ng kondisyon na madali silang nagkakapasa o magdugo.**
- Nasalinan ng dugo kamakailan o nakatanggap ng iba pang produktong dugo.** Maaaring payuhan kang ipagpaliban muna ang pagbabakuna ng MMR sa loob ng 3 buwan o higit pa.
- May tuberculosis.**
- Nagkaroon ng kahit anong bakuna sa nakaraang 4 na linggo.** Ang mga buhay na bakuna na ibinigay nang masyadong malapitan ay maaaring hindi magiging epektibo.



U.S. Department of
Health and Human Services
Centers for Disease
Control and Prevention

- **Kung hindi maganda ang pakiramdam.** Ang hindi malalang karamdaman, tulad ng sipon, ay karaniwang hindi rason upang ipagpaliban ang pagbabakuna. Ang isang tao na katamtaman o malubha ang sakit ay dapat na maghintay muna. Mapapayuhan ka ng doktor mo.

4 Mga panganib ng isang reaksiyon sa bakuna

Sa anumang gamot, kabilang ang mga bakuna, may tsansa ng mga reaksiyon. Karaniwan ay banayad ito at mawawala nang kusa pero posible rin ang mga malalang reaksiyon.

Ang pagpapabakuna ng MMR ay labis na mas ligtas kaysa sa pagkakaroon ng tigdas, biki, o rubella na sakit. Karamihan sa mga tao na nakakakuha ng bakunang MMR ay hindi nagkakaroon ng anumang mga problema rito.

Pagkatapos ng bakunang MMR, ang nabakunahan ay maaaring makaranas ng:

Mga hindi malubhang pangyayari:

- Masakit na braso mula sa iniksyon
- Lagnat
- Pamumula o pantal sa bahaging tinurukan
- Pamamaga ng mga glandula sa pisngi o leeg

Kung mangyari ang mga bagay na ito, kadalasang magsisimula ang mga ito 2 linggo pagkatapos ng pagbabakuna. Hindi na malubha ang mga ito pagkatapos ng ikalawang dosis.

Mga katamtamang pangyayari:

- Kombulsyon (pangingisay o pagtitig) na kadalasang nauugnay sa lagnat
- Pansamantalang kirot o paninigas sa mga kasukasuan, kadalasan sa mga tin-edger o mga nasa hustong gulang na babae
- Pansamantalang mababang bilang ng platelet, na maaaring magdulot ng hindi pangkaraniwang pagdurugo o pasa
- Pantal sa buong katawan

Bibihirang mangyari ang malulubhang kaganapan:

- Pagkabingi
- Pangmatagalang kombulsyon, koma, o mababang kamalayan
- Pagkasira ng isip

Ibang mga bagay na maaaring mangyari pagkatapos ng bakunang ito:

- Ang mga tao kung minsan ay hinihimatay matapos ang medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Ang pag-upo o paghiga nang mga 15 minuto ay makakatulong na mapigilan ang pagkahimatay at mga pinsalang dulot ng mga pagkatumba. Sabihin sa iyong tagabigay kung nakakaramdam ka ng pagkahilo, o may mga pagbabago sa paningin o kuliling sa mga tainga.
- Ang ilang tao ay sumasakit ang balikat na maaaring mas malala at mas matagal kaysa sa karaniwang pananakit na maaaring mangyari kasunod ng mga iniksyon. Nangyayari ito nang napakadalang.
- Ang anumang gamot ay maaaring magdulot ng isang matinding allergic na reaksiyon. Ang ganitong mga reaksiyon mula sa isang bakuna ay tinatayang mga 1 sa isang milyong dosis, at nangyayari sa loob ng ilang minuto hanggang sa ilang oras makalipas ang pagbabakuna.

Tulad ng anumang gamot, mayroong napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay magiging sanhi ng malubhang pinsala sa katawan o kamatayan.

Ang kaligtasan ng mga bakuna ay palaging sinusubaybayan. Para sa dagdag pang impormasyon, bumisita sa: www.cdc.gov/vaccinesafety/

5

Paano kung may isang malubhang problema?

Ano ang dapat kong hanapin?

- Magbantay para sa anumang iba pang bagay na ikakabahala mo, tulad ng mga palatandaan ng matinding allergic na reaksiyon, napakataas na lagnat, o di-pangkaraniwang pag-uugali.

Ang mga palatandaan ng isang **matinding allergic na reaksiyon** ay maaaring kabilangan ng mga tagulabay, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na pintig ng puso, pagkahilo at panghihina. Nagsisimula ito kadalasan nang ilang minuto hanggang ilang oras makalipas ang pagbabakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

- Kung sa iyong palagay ay isa itong **matinding allergic na reaksiyon** o iba pang emerhensiya na hindi makakahintay, tumawag sa 9-1-1 at pumunta sa pinakamalapit na ospital. Kung hindi, tawagan ang tagabigay mo ng pangangalagang pangkalusugan.

Pagkatapos, dapat iulat ang reaksiyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS) (Sistema ng Pag-uulat ng Hindi Mabuting Pangyayari kaugnay ng Bakuna). Maaaring isumite ng doktor mo ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito sa pamamagitan ng web site ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pagtawag sa 1-800-822-7967.

Ang VAERS ay hindi nagbibigay ng payong medikal.

6

Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) (Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna) ay isang programa ng pederal na nilikha upang bayaran ang mga taong maaaring napinsala ng mga partikular na bakuna.

Ang mga taong naniniwala na maaaring napinsala sila ng bakuna ay maaaring makakuha ng kaalaman tungkol sa programa at tungkol sa pagsasampa ng claim sa pagtawag sa 1-800-338-2382 o pagbisita sa website ng VICP sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation. May limitasyon sa panahon ng pagsasampa ng claim para sa kabayaran.

7

Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Tanungin ang tagabigay mo ng pangangalagang pangkalusugan. Siya ay maaaring magbigay sa iyo ng insert sa pakete ng bakuna o magmungkahi ng iba pang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Makipag-ugnay sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC) (Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit):
 - Tumawag sa 1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO) o
 - Pumunta sa website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines

Vaccine Information Statement

MMR Vaccine

2/12/2018

Tagalog

Office use only



42 U.S.C. § 300aa-26

Translation provided by the Immunization Action Coalition